Tagalog

Vol.32 | 2023.04

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



## 【Ika-72 Ota City Children's Garden Party】

Ang Ota City Children's Garden Party ay gaganapin sa 10 venue sa loob ng lungsod. Ang mga bata ay makakapag-enjoy ng mga laro, sports, at magkaroon ng iba't ibang karanasan kasama ang mga tao sa komunidad. Naghahanda kami ng mga masasayang plano para sa bawat venue, kaya inaasahan namin na maraming bata at mga tao sa komunidad ang lalahok. Mangyaring i-check ang website ng Ota City para sa mga venue.



Ang larawan ay ang imahe.
May posibilidad na naiiba ito sa nilalaman ng aktwal na kaganapan.

- Abril 30, 2023 (Linggo)
- Youth Section, Community Activities Promotion Division
  ☎ 03-5744-1223　FAX 03-5744-1518
  E-mail seishonen@city.ota.tokyo.jp

## 【Naghahanap ng mga estudyante para sa Mana Viva (klase sa pagbabasa at pagsusulat sa wikang Hapon)】

Isa itong lugar para sa matuto ang mga adulto ng pagbabasa at pagsusulat ng mga karakter sa wikang Hapon na kailangan para sa pamumuhay gaya ng <Hiragana> <Katakana> at <simpleng pangungusap>, at mga pangunahing pag-aaral gaya ng <national language> <matematika> at iba pa. Mag-aral tayo kasama ang mga kasamahan at kawani.

Eligibility:
(1) Mga naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City (16 taong gulang o mas matanda)
(2) Mga marunong makipag-usap sa wikang Hapon (anuman ang nasyonalidad)

May pangangalaga: Mga batang 1 taon at 6 na buwan hanggang ika-3 baitang sa elementarya (first come, first serve)



©Ota City



©Ota City

- Mayo 14, 2023 (Linggo) – Marso 10, 2024 (Linggo), 24 beses sa kabuuan
  Ika- 1, 2, at 4 na Linggo　2:00 pm – 4:00 pm
- Ota City Office, Consumer Center, at iba pa
- Libre
- Kapasidad na 40 katao (first come, first serve)
- Bumisita sa opisina para sa aplikasyon o tumawag
- Co-Production Projects and Lifelong Learning Section, Community Activities Promotion Division
  Counter No. 27, 6F Ota CIty Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku
  ☎ 03-5744-1443　FAX 03-5744-1518

.... Kailan　.... Magkano　.... Ilang tao　.... Paano mag-apply　.... Saan　.... Mag-apply sa　.... Makipag-ugnay sa

# 【Ota City Youth Support Center “Flat Ota”】

Ang Flat Ota ang ika-3 lugar, hindi paaralan o tahanan, para sa mga bata at kabataan na nasa edad mula 15 taong gulang hanggang 39 taong gulang. Maaaring kumonsulta dito tungkol sa iba’t ibang alalahanin at problema, at nagbibigay din ng suporta sa inyong hakbang sa pagsulong sa pamamagitan ng mga ugnayan sa mga kawani, karanasan sa mga aktibidad, at iba pa.
Isa rin itong lugar kung saan maaari kang pumunta at gugulin ang iyong oras nang malaya kahit wala kang anumang alalahanin.





Ota City Youth Support Center, Flat Ota
☎ 03-6451-8433　E-mail flatota@sodateage.net




# 【Tungkol sa mga pamamaraan sa pagiging miyembro ng National Pension】

Ang mga residente nasa edad 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang na may certificate of residence sa Japan, kasama dito ang mga dayuhang, ay kailangan maging miyembro ng National Pension at magbayad ng insurance premiums. Kung nagbabayad ka nang 10 taon o higit pa, makakatanggap ka ng pensiyon mula sa edad 65 taong gulang. Mayroon ding “Disability Pension” kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag hindi na makapagtrabaho dahil sa injury o sakit, at “Survivors’ Pension” kung saan makakatanggap ng pensiyon kapag namatay ang miyembro ng pamilya na nagbibigay ng suporta sa pamumuhay. Kailangan gawin ang mga pamamaraan kapag dumating ka sa Japan sa unang pagkakataon o kapag umalis ka sa kompanya. Kapag nahihirapan kang magbayad ng insurance premiums sa kadahilanan na kakaunti ang iyong suweldo, mangyaring gawin ang pamamaraan para sa eksepsyon sa buwis. Kapag hindi ka sigurado, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

16,520 yen (FY 2023) kada buwan

Tanggapan, koreo, o elektronikong aplikasyon

**National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division**
Counter No. 12, 3F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1214
Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm

**Ota Pension Office**
3F Technoport Kamata Center Building, 2-16-1 Minami-Kamata, Ota-ku
☎ 03-3733-4141
Lunes 8:30 am – 7:00 pm,
Martes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm,
Ika-2 Sabado 9:30 am – 4:00 pm

# 【Kailangan ang pamamaraan para sa pagsauli ng gastusing medikal pagkatapos mawalan ng eligibility para sa national health insurance】

Kapag nagpatingin ka sa isang institusyong medikal gamit ang iyong insurance card pagkatapos mong mawalan ng eligibility para sa national health insurance sa Ota City sa kadahilanang lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, pagiging miyembro ng ibang Japanese public health insurance, o nag-expire ang iyong period of stay, at iba pa, **hihilingin sa iyo na isauli ang gastusing medikal na binayaran ng Ota City.**




Kapag naging miyembro ka ng ibang Japanese public insurance o lumipat ng tirahan sa labas ng Ota City, mangyaring siguraduhin na ipaalam na ititigil mo ang iyong national health insurance sa Ota City at isauli ang iyong insurance card.

National Health Insurance Benefit Section, National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1211 FAX 03-5744-1516

# 【Impormasyon tungkol sa loan-type scholarship program para sa mga nag-aaral sa unibersidad at iba pa】

Ang Ota City ay nag-aalok ng loan-type scholarship para sa mga estudyante na may kagustuhan mag-aral, ngunit hirap ang sambahayan na magpa-aral dahil sa pinansyal na dahilan.

*Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili.



- Huling bahagi ng Abril – unang bahagi ng Hunyo
- Pampubliko: Hanggang 35,000 yen
  Pribado: Hanggang 44,000 yen
- 30 katao
- Dalhin o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento sa tanggapan ng aplikasyon

Welfare Management Division
Counter No. 24, 8F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1245 FAX 03-5744-1520

## Maaaring gumamit ng interpreter kapag may mga tanong ka sa Ota City Office sa telepono

Ang interpretation service sa telepono ay isang systema na makausap niyo sa in-charge staff pamamagitan ng interpreter operator. Available ang interpretation sa 13 wika.

**Dito para sa mga detalye**

Nakalaang numero para sa interpretation service sa telepono ng Ota City
Contact information ☎ 050-3159-9993

## 【Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)】

Gaganapin ang "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" sa unang pagkakataon pagkatapos ng 4 na taon sa lupain ng Senzoku Pond na may magandang tanawin. Ang Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert) ay isang Japanese-style na kaganapan na nagpapakita ng tradisyonal na Japanese performing arts gaya ng flute, Nogaku, at iba pa sa Ikezuki Bridge sa kanlurang pampang ng Senzokuike Park kung saan may masaganang Japanese atmosphere. Mangyaring i-enjoy ang Japanese na musika at tono ng piano sa Senzoku Pond na may mayaman na kalikasan.



©Ota City



©Ota City



Kaganapang naganap noong 2019

- Mayo 17, 2023 (Miyerkules) 6:30 pm – 8:00 pm (plano)
  *Kakanselahin kapag umulan
- Kanlurang pampang ng Senzokuike Park, "Ikezuki Bridge"
  2-14-5 Minami-Senzoku, Ota-ku
  Access: 2 minutong paglalakad mula sa Senzokuike Station sa Tokyu Ikegami Line
- Bayad para sa pagpasok: Libre
- Walang limitasyon (manood nang nakatayo)
  *May upuan para sa unang 300 na dumating

**Sponsor** "Senzoku Pond Shunsho-no-Hibiki (Spring-Evening Concert)" Executive committee/Ota City

Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226　FAX 03-5744-1539　E-mail: bunka@city.ota.tokyo.jp

## 【Gaganapin ang 2023 Tokyo International Music Festival】

Gaganapin ang 2023 Tokyo International Music Festival sa Ota City Residents Hall (Aprico). Maaaring manood ang mga dayuhang residente ng Ota City nang libre. Halina't ibahagi ang musika at pag-isahin ang ating mga puso!




- Mayo 4 (Huwebes at holiday), 5 (Biyernes at holiday), 6 (Sabado), 2023
- Ota City Residents Hall (Aprico). 5-37-3 Kamata, Ota-ku
- Libre para sa mga dayuhang naninirahan sa Ota City (ipakita ang iyong residence card at iba pa)
  *1-day ticket ay karaniwang naghahalagang 3,300 yen.
  *May iba pang discounts. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mga detalye.
- Para sa pagbili ng ticket at detalye, mangyaring tingnan dito.

2023 Tokyo International Music Festival Executive Committee Secretariat (co-sponsored ng Ota City)
☎ 03-3560-9388　FAX 03-3586-2575　E-mail contact@timf.jp

Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.